International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| **Pamagat ng Manuskrito:** | Pagbuo at Balidasyon ng mga Suplementaryong Worksheet sa Filipino 6 |
| --- | --- |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

**UNANG YUGTO**

**Editor**

| **Pangkalagatang Puna** |
| --- |
| Kinilala ng mga tagasuri ang kabuluhan ng manuskrito at nagmungkahi ng mga rebisyon upang mapahusay ang kalinawan, pagkakaugnay-ugnay, at pangkalahatang epekto nito. Hinihikayat ang mga may-akda na maingat na isaalang-alang at ipatupad ang lahat ng puna ng mga tagasuri sa kanilang binagong bersyon. |

**Tagasuri 1**

| **Pangkalagatang Puna** |
| --- |
| May praktikal na kahalagahan ang pag-aaral dahil sinusubukan nitong tugunan ang *least learned competencies sa Filipino 6* sa pamamagitan ng pagbuo ng *supplementary worksheets*, ito ay magsisilbing mahalagang paksa na magamit sa silid-aralan. Maayos ang pangkalahatang organisasyon ng papel at malinaw ang layunin nito. Gayunpaman, ang pangunahing inaalala ko ay nagmumukhang ipinapakita ng pag-aaral na epektibo na ang *worksheets* o maaari na itong lubosang irekomenda na gamitin sa klasrum, pero ang ebidensyang inilahad ay nakatuon lamang sa pagtukoy ng *least learned competencies, expert validation*, at *acceptability ratings* mula sa mga guro at mag-aaral. Batay sa kasalukuyang datos, masasabi lamang ng pananaliksik na ang worksheets ay nabuo, napatunayan, at katanggap-tanggap, pero hindi pa lubos na napatutunayan na nakapagpabuti talaga ito ng *learning outcomes* ng mga mag-aaral. |

| **Tiyak na Puna** |
| --- |
| Iminumungkahi ko na irebisa ng mga awtor ang balangkas ng pag-aaral, lalo na sa abstrak, resulta at diskusyon, konklusyon, at rekomendasyon, upang maging ganap na nakaayon ang mga pahayag sa datos na aktuwal na nakalap. Sa kasalukuyan, wala pang malinaw na *pretest-post test, intervention comparison*, o *learning gain evidence* na magpapakita na talagang napahusay ng worksheets ang competencies, ngunit may ilang bahagi ng manuskrito na tila umaabot na sa *claims of effectiveness* at mas matibay na rekomendasyon para sa paggamit sa pagtuturo. Mas mainam na ilalahad ng mga awtor ang ambag ng pag-aaral sa *development at validation* ng *supplementary worksheets* para sa *identified least learned competencies*, at hindi muna bilang matibay na patunay ng epekto nito sa pagkatuto ng mag-aaral. Kung nais nilang panatilihin ang mas malakas na claim, kailangan nilang magdagdag ng outcome-based |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| evidence na magpapakita ng pag-unlad ng mga mag-aaral matapos gamitin ang worksheets. Ito ang nakikita kong pangunahing isyu dahil nakaaapekto ito sa kabuuang bisa ng mga konklusyon ng papel. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalagatang Puna** |
|---|
| Una sa lahat, binabati ko ang mga may-akda para sa konseptong ito. Napapanahon at maganda ang konteksto ng pag-aaral, lalo na at nabanggit ang mga tiyak na hamon sa Abra tulad ng magnitude 7.0 na lindol, Bagyong Julian, at matinding init. Nagbibigay ito ng matibay na rason kung bakit kailangan ng mga offline na kagamitang pampagkatuto tulad ng worksheets. Gayunpaman, may mga pangunahing isyu sa metodolohiya at presentasyon ng resulta na kailangang ayusin bago ito maikonsidera para sa publikasyon. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Sa bahagi ng Metodo, nabanggit lang na gumamit ng developmental research design. Masyado itong malawak. Pakitukoy kung anong tiyak na instructional design model ang ginamit (halimbawa, ADDIE model, ASSURE, o Borg & Gall). Standard ito sa mga R&D na pananaliksik para masundan ng mambabasa ang mga yugto ng pagbuo ng kagamitan. |
| Nagpakita kayo ng mga mean score sa Resulta, tulad ng 3.91 para sa balidasyon , 3.78 sa pagtanggap ng mga guro , at 3.83 sa pagtanggap ng mga mag-aaral. Pero nakalimutan ninyong ilagay ang parameters o ginamit na eskala sa bahagi ng Metodo. 4-point scale ba ito o 5-point scale? Kailangang ilagay ang range of means at ang katumbas nitong verbal interpretation para maintindihan ng mambabasa kung paano naging "Lubos na Balido" ang 3.91. |
| Sa Talahanayan 3, may mga acronym sa ilalim ng mga kolum tulad ng "DR", "VS", "NP", at "LB". Walang nakalagay na legend sa ibaba ng talahanayan para ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga ito, mangyaring ipaliwanag po ang mga katuturan nito. |
| Sa Abstrak at Introduksyon, sinabi ninyo na nakabuo kayo ng epektibong kagamitang pampagkatuto. Pero batay sa inyong pangangalap ng datos, nagbigay lang kayo ng pre-test para matukoy ang least learned competencies. Wala kayong isinagawang post-test pagkatapos gamitin ng mga mag-aaral ang worksheets. Ang mga ginamit na instrumento ay sumukat lang sa kalidad, pagtanggap ng guro, at pagtanggap ng mag-aaral. Dahil walang post-test data, hindi ninyo pwedeng sabihin nang pinal na epektibo ang worksheets sa pagpapataas ng marka ng mga bata. Iminumungkahi kong baguhin ang mga |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| salitang ginamit at magpokus na lang sa pagbuo, balidasyon, at pagtanggap ng mga materyales, kaysa sa pagiging epektibo nito. |
| Iwasto ang labels ng inyong talahanayan sa Resulta. May dalawang talahanayan kayo na nakapangalan bilang "Talahanayan 4.a". Ang pangalawa, na nagpapakita ng datos mula sa mga mag-aaral, ay dapat palitan ng "Talahanayan 4.b" dahil ito rin ang ginamit ninyong reference sa teksto. |
| Nabanggit ninyo na ang ikatlong grupo ng kalahok ay binubuo ng 39 na mag-aaral sa Ikaanim na baitang mula sa ASIST. Pakilagay kung anong sampling technique ang ginamit. Total population sampling ba ito, o purposive sampling? |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

## PANGALAWANG YUGTO

| Decision | Editor | Tagasuri 1 | Tagasuri 2 |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |